# iFilipino 10 – iExam for Unit 1

| Name: | | Score: | |
|---|---|---|---|
| Grade & Section: | | Teacher: | |

**I. iGawain 1:** Sagutin Natin (25 Puntos)

**Panuto:** Sagutin ang pamprosesong tanong. Isulat ang sagot sa inilaang patlang sa bawat bilang.

**1.** Sa simula, ano ang katotohanan sa buhay ng tao ang ipinakita sa pangyayari? Ilahad.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**2.** Sino ang pangunahing tauhan na inuugnayan sa mga kawing ng kwento sa buong nobela? Ibigay ang kanyang katauhan at ipaliwanag ang kahalagahan ng kanyang karakter sa buong nobela?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**3.** Ano ang pangunahing paksang diwa ng nobela? Ipaliwanag.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**4.** Kung ikaw ay isa sa mga mamamayan sa kapanahunan ng nobela, paano mo maipapamalas ang tamang pagtrato sa kakulangan ng isang tao?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**5.** Sa pagtatapos ng nobela, Anong katotohanan sa pangyayari sa pagkakadiskubre sa mga labi nina La Esmeralda at Quasimodo na maiuugnay sa totoong buhay? Ipaliwanag.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**II. iGawain 2:** Panonood at Pakikinig (20 Puntos)

**Panuto:** Manood muli ng isa pang halimbawang bersyon ng pagkukwento ng buod ng nobelang "Ang Kuba ng Notre Dame". Matapos ay ibigay ang katangian ng tauhan batay sa napakinggang diyalogo ng karakter.

Gamiting gabay ang ibinahaging graphic organizer upang magbigay ng tugon sa gawain. Maaaring sundan ang ibinigay na link o maghanap ng iba pang kaugnay na video.

https://www.youtube.com/watch?v=GcDVKClb70M&ab_channel=FilipinoFairyTales

| Quasimodo | La Esmeralda | Phoebus | Frollo |
|---|---|---|---|
| Katangian | Katangian | Katangian | Katangian |
| | | | |

**III. iGawain 3:** Bagyuhang- Utak sa Burador ng Pagsusuri (50 Puntos)

**Panuto:** Ang gawaing ito ay isasagawa sa pangkatang gawain. Suriin ang binasang buod o piling kabanata na nasalikisk ng nobelang "Ang Kuba ng Notre Dame" bilang isang akdang pampanitikan sa pananaw humanismo o alinmang angkop na pananaw. Panoorin ang ibinigay na halimbawang link bilang gabay sa pagsusuri o maghanap ng kaugnay na video.

https://www.youtube.com/watch?v=6h31fO_rHEU&ab_channel=SirKe-al

**Paghahanda**

1. Ang pagpapangkat ay isasagawa sa gabay ng guro ayon sa dami ng mag-aaral.
2. Magsagawa ng masuring pagbabasa gamit ang buod o magsaliksik ng piling kabanata na inyong gagamitin sa pagbibigay ng kritiko.
3. Itatakda ng guro ang gagamiting teorya sa pagsusuri sa bawat pangkat.
    - **Unang Pangkat:** Humanismo
    - **Ikalawang Pangkat:** Romantisismo
    - **Ikatlong Pangkat:** Klasismo
    - **Ikaapat na Pangkat:** Realismo
4. Gamitin ang gabay at paglikha ng burador.

**Dulog o Gabay sa Pagsusuri**

1. Kaligiran ng Pananaw at Teorya
2. Kaligiran ng May-akda
3. Paghihimay ng mga Piling Bahagi o Pangyayari

    Piling Bahagi/ Pangyayari
    a. Estilo ng may akda
    b. Patunay

    Piling Bahagi/Pangyayari
    a. Estilo ng may akda
    b. Patunay

    *(Maari pang magdagdag ng bahagi o piling pangyayari)*

4. Kalakasan ng Ginagamit na Teorya Bilang Dulog
5. Kahinaan ng Ginagamit na Teorya Bilang Dulog

## IV. iGawain 4: Pagmumungkahi

**Panuto:** Magsaliksik kung ano ang dapat isaalang-alang sa pagsasagawa ng isang simposyum batay sa anumang sanggunian o iba pang paraan ng pagkalap ng impormasyon (*internet*). Matapos, ay lumikha ng daloy o programa na susundin ng pangkat at isumite bilang mungkahi.

**Halimbawa:**

| **Ang Simposyum ay Isasagawa sa Pamamagitan ng Webinar** | |
|---|---|
| **Deskripsyon** | **Ang webinar ay isang paraan ng pagbibigay ng impormasyon gamit ang mga sumusunod:**<br>**1.** Pagsasagawa ng mga *clip* ng *video* para sa nilalaman at suplimental na material.<br>**2.** May mga bahagi na itatakda na buhay o aktwal na pagsasalita gamit ang platform na may kakayahan ng *call conference* gaya ng *Google Meet*, *MS Teams*, *Zoom* at *Discord*.<br>**3.** Kung may *live broadcast*, aralin ang navigation gamit ang isang plataporma na magsasagawa ng *live broadcast* gaya ng *OBS Studio* at *Stream Yard*.<br>**4.** Pag-import ng *live* sa pahina ng *social media* gaya ng *Facebook* o *YouTube*. |
| **Daloy** | **Ito ay tumatakbo sa daloy ng mga sumusunod sa pamamagitan ng isang modereytor:**<br>**a.** Paglahad ng paksa at layunin ng talakayan<br>**b.** Pagpagpakilala ng mga tagapagsalita<br>**c.** Pamamatnubay sa kaayusan at daloy ng talakayan<br>**d.** Pagpapalinaw ng buod ng talakayan<br>**e.** Pagbibigay ng buod ng talakayan |

**V. iGawain 5:** Paglalapat ng Wika (10 Puntos)

**Panuto:** Tukuyin kung anong kakayahang pang-komunikatibo ang tinutukoy sa sitwasyon. Bilugan ang titik tamang sagot.

1. "Masarap ang inihandang pagkain ng aming ina. Gagala ako kasama ang aking mga kaibigan. Buong araw na umuulan. Paano ko kaya matatapos ang aking takdang-aralin ng walang nagtuturo?" Malinaw ba ang pahayag? Anong kakayahang pang-komunikatibo ang kailangang isaalang-alang sa ibinigay na pahayag?
   a. gramatikal
   c. sosyolinggwistiko
   b. diskorsal
   d. pragmatik

2. Sa isang kindat lamang ng kuya ay nalaman na ni Gabby na kailangan na niyang maghanda para ibibigay na nila ang supresa sa kaarawan ng kanilang Ina. Anong kakayahang pangkomunikatibo ang ipinamalas ni Gabby?
   a. diskorsal
   c. istratidyik
   b. pragmatik
   d. gramatikal

3. Hindi gaanong maunawaan ni Marie ang itinuturo ng kanyang guro sa zoom dahil biglang humihina ang boses nito at nagpuputol-putol ang rehistro. Sa katunayan ay hindi siya nakasagot ng tanungin ng kanyang guro patungkol sa paksa. Ayon sa modelong S. P. E. A. K. I. N. G. ni Dell Hymes, ano kaya ang dapat na ikonsidera upang maging mahusay ang pakikipagtalastasan ni Marie sa kanyang guro?
   a. *internet*
   c. *norms*
   b. *instrumentalities*
   d. *genre*

4. "Gabayan at paalalahanan sina sa kanilang pagharap sa totoong buhay." Pansinin ang halimbawang pangungusap sa itaas. Anong kakayahang pang komunikatibo ang kailangang isaalang-alang sa ibinigay na pahayag sa kawastuhan nito?
   a. gramatikal
   c. sosyolinggwistiko
   b. diskorsal
   d. pragmatik

5. Sa isang talakayan, palaging sumasang-ayon si Jonell sa lahat na mga impormasyon inilalahad ni Carlo. Ganon pa man ay nililibak pa rin ni Carlo ang pagsang-ayon ni Jonell sa kanya kung kaya hindi naging mabuti ang resulta ng kanilang pag-uulat sa harapan ng klase. Ayon sa modelong S. P. E. A. K. I. N. G. ni Dell Hymes, ano kaya ang dapat na ikonsidera ni Carlo upang maging maayos ang paglalahad ng kanilang pag-uulat?
   a. *participants*
   c. *norms*
   b. *instrumentalities*
   d. *genre*

6. Sa isang simposyum, nakatanggap si Ramon ng gantimpala bilang pinakamahusay na tagapagsalita sapagkat napakagaling ng pag-uugnay at pagkakaisa ng kanyang mga paglalahad sa paksang kanyang inilalahad. Anong kakayahang pang komunikatibo ang kanyang ipinamalas?
   a. gramatikal
   c. sosyolinggwistiko
   b. diskorsal
   d. pragmatik

7. Tila hindi naging mabuti ang mga ginamit na salita ni Leo sa isang pormal na talakayan ukol sa Agham. Hindi angkop sa pandinig ang mga salitang balbal kaya may mga tagapakinig na hindi sumang-ayon sa kanyang ipinakitang asal. Anong kakayahang pang komunikatibo ang kailangang isaalang-alang sa ibinigay na pahayag sa kawastuhan nito?
   a. gramatikal
   b. diskorsal
   c. sosyolinggwistiko
   d. pragmatik

8. Malabo ang mata ni Jeric kaya hindi niya mabasa at makita ang presentasyon ng guro at malayo rin ang kanyang pwesto sa silid-aralan. Sa kabilang silid naman ay maingay ang mga mag-aaral sapagkat nag-aawitan ang mga mag-aaral. Ayon sa modelong S. P. E. A. K. I. N. G. ni Dell Hymes, ano kaya ang dapat na ikonsidera ng guro upang maging maayos at makaangkop ng mabuti sa aralin si Jeric?
   a. *participants*
   b. *instrumentalities*
   c. *norms*
   d. *genre*

9. Malaman at kaiga-igaya ang talakan sa loob ng klase ukol sa women empowerment. Ngunit biglang nag halimbawa si Jordan ng “rape joke” kaya tila hindi ito naibigan ng iba pang nakarinig sa kanya. Ayon sa modelong S. P. E. A. K. I. N. G. ni Dell Hymes, ano kaya ang dapat na ikonsidera ng Jordan upang makalahok si Jordan nang tama sa talakayan?
   a. *norms*
   b. *keys*
   c. *ends*
   d. *genre*

10. Napakahusay na guro ni Bb. Tionso. Hindi lamang nya ipinamamalas ang kanyang husay sa pagsasalita sa klase. Mahusay din sya sa kaaya-ayang kumpas ng kanyang mga kamay sa pagbibigay diin sa mga impormasyon. Hindi lang siya nalalagay sa simpleng pamamaraan. Gumagamit din sya ng mga awit at iba pang mga *blended* na paraan sa pagtuturo. Kaya naman ay lubusang nauunawan ng mga mag-aaral ang kanyang mga itinuturo. Anong kakayahang pang komunikatibo ang kanyang ipinamalas?
    a. gramatikal
    b. diskorsal
    c. sosyolinggwistiko
    d. pragmatik

**VI. iGawain 6:** *Word Bank* (30 Puntos)

**Panuto:** Magpuno ng mga salitang may kaugnayan o kasingkahulugan sa ibinahaging paksang salita sa loob ng isang Word Bank. Matapos ay bumuo ng pahayag upang pag-ugnay-ugnayin ang mga salitang iyong naipon bilang sariling pagpapakahulugan.

**SIMPOSYUM**

***CRITIQUE***

**Sundan ang pahayag.**

Ang simposyum ay ______________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________

Ang *critique* ay __________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________

**VII. iGawain 7:** Final na Papel ng Pagsusuring Pampanitikan (50 Puntos)

**Panuto:** Isulat ang pinal na papel ng pagsusuring pampanitikan gamit ang nobelang "Ang Kuba sa Notre Dame". Balikan ang resulta ng bagyuhang-utak iGawain 3 upang ang nalikhang burador ay gamiting gabay sa pagsulat. Tandaan na ang awtput at gawaing ito ang magiging pangunahing nilalaman sa itatakdang simposyum. Gamitin ang gabay at pormat sa pagsulat ng papel at presentasyon ang nasa ibaba:

**Dulog o Gabay sa Pagsusuri**

1. **Kaligiran ng Pananaw at Teorya**
   *(Maglahad ng impormasyon ukol sa Pananaw at Teoryang gagamitin)*
2. **Kaligiran ng May-akda**
   *(Magbahagi ng impormasyon at katangian at estilo ng may akda bilang manunulat)*
3. **Paghihimay ng mga Piling Bahagi o Pangyayari**
   - Piling Bahagi/ Pangyayari
     *(Ibahagi ang piling pangyayari mula sa akda at tukuyin kung ano ang estilo ng manunulat upang maipaloob ang pananaw at teorya sa kanyang isinulat at bigyan ng patunay)*
     a. Estilo ng may akda
     b. Patunay
   - Piling Bahagi/Pangyayari
     a. Estilo ng may akda
     b. Patunay

     *(Maari pangmagdagdag ng bahagi o piling pangyayari)*

**Dulog o Gabay sa Pagsusuri**

4. **Kalakasan ng Ginagamit na Teorya Bilang Dulog**
   *(Ipaliwanag kung ang nakataas na Pananaw at Teorya ay mabisang gamitin sa akdang sinusuri. Ilahad ang mga patunay)*
5. **Kahinaan ng Ginagamit na Teorya Bilang Dulog**
   *(Ipaliwanag kung ang nakataas na Pananaw at Teorya ay mahina upang gamitin sa akdang sinusuri. Ilahad ang mga patunay)*
6. **Pagbubuod ng Pagsusuri**
   *(Ibahagi ang pagbubuod bilang paglalahat sa ginawang kritiko o pagsusuri.)*
7. **Rekomendasyon**
   *(Magbigay ng mga mungkahi ng kabisaan ng paggamit ng pananaw at teoryang naiatas. Kung hindi, magbigay ng mungkahi kung anong teorya ang dapat gamitin sa pagsusuri ng akda. Ipaliwanag.)*

**VIII. iGawain 8:** Paglahok sa Simposyum

Itanghal ng buong pangkat ang inyong paksa sa isang simposyum. Gamitin sa pagpapadaloy ang pinagtibay ng guro na inyong iminungkahing paraan ng pagpapadaloy sa iGawain 4. Tiyaking nagagamit ang mga kasanayang nakapaloob sa kakayahang pang komunikatibo upang maisakatuparan ng malinaw ang paghahatid ng impormasyon sa simposyum.

**IX. iGawain 9:** Sariling Pagbubuod (50 Puntos)

**Panuto:** Sumulat ng sariling pagbubuod ukol sa panunuri ng akdang pampanitikan ng Mediterranean. Ilahad ang iyong pangunahing impormasyon ayon sa ibinigay na gabay. Sundan ang mga pahayag.

Ang panitikan ng Mediterranean ay mahuhusay sa ________________________________
__________________________________________________________________________
__________________________________________________________________________

Ang panitikan ng Mediterranean ay naging simulain ng ____________________________
__________________________________________________________________________
__________________________________________________________________________

Sa pagsusuri ng Akdang Pampanitikan, mayroong _________________________________
__________________________________________________________________________
__________________________________________________________________________

Ang mga Pananaw at Teoryang pampanitikan ay lubhang nakatutulong upang ________
__________________________________________________________________________
__________________________________________________________________________

# iFilipino 10 – Answer Keys for Unit 1

I. **iGawain 1:** Sagutin Natin

**Maaaring magkakaiba ang sagot. **

II. **iGawain 2:** Panonood at Pakikinig

**Maaaring magkakaiba ang sagot. **

III. **iGawain 3:** Bagyuhang- Utak sa Burador ng Pagsusuri

**Maaaring magkakaiba ang sagot. **

IV. **iGawain 4:** Pagmumungkahi

**Maaaring magkakaiba ang sagot. **

V. **iGawain 5:** Paglalapat ng Wika

1. B.
2. C.
3. B.
4. A.
5. A.
6. C.
7. A.
8. B.
9. A.
10. C.

VI. **iGawain 6:** Word Bank

**Maaaring magkakaiba ang sagot. **

VII. **iGawain 7:** Final na Papel ng Pagsusuring Pampanitikan

**Maaaring magkakaiba ang sagot. **

VIII. **iGawain 8:** Paglahok sa Simposyum

**Maaaring magkakaiba ang sagot. **

IX. **iGawain 9:** Sariling Pagbubuod

**Maaaring magkakaiba ang sagot. **